☑改編自:菲律傳說故事
☐自編

111 年新北市各級學校東南亞語文競賽
團體朗讀文稿 菲律賓 語 國高中 組 A-1

# Ang Alamat ng Pinya

May isang batang babae noon, Pinang ang pangalan niya. Maganda siya at mahal na mahal siya ng kanyang Nanay. Madalang siyang tumulong sa mga gawaing-bahay na naging dahilan ng pagiging tamad ni Pinang.

Minsan, nagkasakit ang kanyang Nanay. Nanghina ang katawan, hindi makakilos, at si Pinang lamang ang maaaring tumulong.

Sinabi ni Nanay kay Pinang: "Magwalis ka ng mga dahon sa hardin." Sagot ni Pinang: "Nasaan po ang mga dahon? Malinis po ang hardin! Hindi ko rin po makita ang walis."

Sinabi ni Nanay kay Pinang: "Maghugas ka ng bigas." Nagtanong si Pinang: "Nasaan po ang bigas? Madaming gamit po sa kusina, hindi ko po makita ang bigas."

Sinabi ni Nanay kay Pinang: "Magsaing ka ng kanin." Nagtanong si Pinang: "Nasaan po ang kalan? Hindi ko po makita ang kalan."

Sinabi ni Nanay kay Pinang: “Magpakain ka sa mga manok.” Nagtanong si Pinang: “Nasaan po ang pagkain ng mga manok? Hindi ko po makita.”

Dumarami na ang mga dahon sa paligid ng hardin. Nakalagay sa dating lagayan ang walis, bigas, kalan at pagkain ng manok ngunit dahil tamad si Pinang, ayaw maghanap at nagsasabing hindi niya makita ang mga ito.

Lalong lumala ang pakiramdam ni Nanay. Mahina ang katawan at hindi makabangon sa kama. Hindi niya mapigilang magsabi ng: “Sana’y magkaroon ka ng maraming mata upang hindi mo sabihin na hindi mo makita ang mga gamit.” Pagkatapos nitong sabihin ni Nanay, nakatulog na siya.

Kinabukasan, paggising ni Nanay, magaling na ang kanyang pakiramdam at bumangon na siya. Tinatawag at hindi niya mahanap si Pinang. Ngunit may nakita si Nanay na isang kakaibang halaman sa hardin. Wala ito sa hardin noon. May kulay dilaw at berde ang balat ng bunga nito, at tila may maraming mata. Ang sabi ng mga tao, si Pinang daw ang halaman na ito kaya tinawag itong ‘pinya’.